FABalita
OPISYAL NA BUWANANG PAHAYAGAN NG AUTHORITY OF THE FREEPORT AREA OF BATAAN
freeportareaofbataan | freeportareaofbataan | info@afab.gov.ph | #WEareFAB

"Ang sikreto sa pag-asenso at pag-unlad ay ang pagsisimula."

# AFAB, ibinida ang FAB at probinsya ng Bataan sa CLTISBEX




Kasama ring dumalo ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) sa CLTISBEX ang mga kinatawan ng Bataan Provincial Tourism Office, ilang Investment Promotion Agencies, at iba pang organisasyon kaugnay ng pagpapaunlad ng turismo sa bansa. ■

Kabilang ang Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) sa hanay ng mga ahensya at organisasyong nagtataguyod ng turismo sa gitnang Luzon na nagbahagi ng kanilang presentasyon sa kauna-unahang Central Luzon Tourism Investment Summit and Business Exchange (CLTISBEX) na isinagawa ng Department of Tourism - Region III kasama ang Tourism Promotions Board Philippines (TPB) at Subic-Clark Alliance for Development (SCAD) noong 04 May 2022 sa Clark Freeport.

Sa presentasyon ng AFAB, buong pagmamalaking ibinahagi ni Business Development and Marketing Specialist Kelvin G. Rodriguez ang kaunlaran sa probinsya ng Bataan partikular sa sektor ng turismo, negosyo, at paggawa. Kanya ring idinetalye ang mga oportunidad ng pamumuhunan sa Freeport Area of Bataan (FAB) na kasalukuyang may 17 expansion areas kung saan pito (7) sa mga ito ang nakatuon sa turismo.

Layon ng CLTISBEX sa buhayin at pagtibayin ang industriya ng turismo kasabay ang pagbangon ng ekonomiya sa bansa sa pamamagitan ng pagsusulong sa Gitnang Luzon bilang pangunahing destinasyon ng pamumuhunan sa turismo. ■

# Pagtatatag at implementasyon ng GAD database, tututukan ng AFAB

Bilang bahagi ng patuloy na pagpapaigting ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) sa gender mainstreaming efforts nito para sa mas pantay at inklusibong Freeport, nakipagpulong ang Authority sa mga kinatawan ng lokal na pamahalaan ng Cagayan de Oro City (LGU-CDO) kamakailan para sa isang benchmarking activity tungkol sa implementasyon ng Gender and Development (GAD) database nito.

Personal na dinaluhan nina AFAB Administrator Emmanuel D. Pineda at Deputy Administrator for Support Services Ma. Lourdes Herrera ang aktibidad kasama ang mga miyembro ng AFAB GAD Committee. Samantala, malugod namang tinanggap ng pamunuan ng LGU-CDO ang AFAB sa pangunguna nina Committee on Women and Family Relations Chairperson at City Councilor Edna Dahino at GAD Focal Persons Mary Joy Meca-Villarin at Nathaniel Sullano.

Komprehensibong tinalakay sa aktibidad ang mga best practices ng LGU-CDO sa pamamahala ng GAD Database System nito na malaki umano ang tulong bilang batayan sa epektibong pagpaplano ng mga programa at patakarang tumutugon sa mga isyu ng kasarian sa kanilang nasasakupan. ■



Malugod na tinanggap ng LGU-CDO ang mga miyembro ng AFAB GAD Committee para sa isinagawang bechmarking activity ng Ahensya. ■

# AFAB, sumailalim sa RACCS training

Sumailalim ang ilang empleyado ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) sa pagsasanay na isinagawa ng Civil Service Commission Regional Office III (CSCROIII) tungkol sa mga panuntunan at regulasyon sa ilalim ng Rules on Administrative Cases in the Civil Service (RACCS) noong 17-18 Mayo 2022 sa AFAB Administration Building, FAB, Mariveles, Bataan.

Personal na ipinaliwanag nina CSCROIII Asst. Regional Director Atty. Rosalinda A. Tanaliga-Oliva ang mahahalagang impormasyon tungkol sa paksa partikular sa proseso ng mga kasong administratibo. Samantala, aktibo naman itong nilahukan ng mga supervisors, managers, at mga miyembro ng Administrative Investigation Board (AIB) ng AFAB.




Personal na ipinaabot ni Administrator Pineda ang kanyang pasasalamat kay Assit. Dir. Tanaliga-Oliva para sa matagumpay na pagsasanay nito sa AFAB. ■

Layunin ng aktibidad na ito na mas paigtingin ang kaalaman at kapasidad ng mga empleyado ng AFAB tungo sa mas epektibo at mahusay na serbisyo publiko sa FAB. ■

# AFAB, suportado ang pagpapaigting ng konserbasyon ng pawikan sa Bataan




Ipinahayag ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB), sa pangunguna ni AFAB Administrator Emmanuel D. Pineda ang buo nitong suporta sa pangunahing programa ng Provincial Government – Environment and Natural Resources Office (PG-ENRO) na 1PawiCAN o 1Bataan Pawikan Conservation Alliance Network.

Sa isang pagpupulong noong 23 Mayo 2022, inilahad ng kinatawan ng PG-ENRO na si Raphael C. De Leon ang buong detalye ng 1PawiCAN kung saan mas komprehensibo, inklusibo, at kumpleto ang mga hakbang sa konserbasyon at pangangalaga ng mga pawikan sa probinsya.

Inaasahang uusad ang programa tungo sa pagpirma ng isang Memorandum of Agreement kasama ang AFAB sa mga susunod na buwan. ■

# Kapihan sa FAB, idinaos kasama ang CLUB



Nakipagpulong ang Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB), sa pangunguna ni AFAB Administrator Emmanuel D. Pineda sa mga bagong talagang opisyal ng Coalition of Labor Unions of Bataan (CLUB) sa isang "Kapihan sa FAB" noong 24 Mayo 2022 sa AFAB Administration Building, FAB, Mariveles, Bataan.

Sa nasabing Kapihan, personal na ipabatid ni Administrator Pineda ang kanyang pagbati sa mga dumalo at doon din ibinahagi sa kanila ang mga pinakabagong impormasyon tungkol sa mga programa at proyekto ng Authority para sa komunidad ng FAB. ■

# FAB BITS



Tuloy-tuloy pa rin ang operasyon ng bakunahan kontra COVID-19 sa 1Bataan FABakuna Center (1Bataan FABCen) para sa mga manggagawa sa FAB, Rest of the Pediatric Population (ROPP) o mga edad 5-17, at general population o lahat ng edad 18 pataas sa bago nitong pasilidad na matatagpuan na ngayon sa dating triage area ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB). ■



Bukas na at handang magserbisyo ang tanggapan ng Philippine Statistics Authority (PSA) para sa rehistrasyon ng PhilSys National ID sa Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) Administration Building, LGF, CSD Office mula 8:00 AM - 5:00 PM, Lunes hanggang Biyernes. ■



Pinulong ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) ang ilang FAB Registered Enterprises (FREs) noong 25 May 2022 upang pag-usapan ang pag-usad ng programa nitong pagtatayo ng FAB Linear Park sa Freeport.

Sa nasabing pagpupulong inilahad ng AFAB ang detalye ng proyekto sa mga kinatawan ng GNPower Dinginin Ltd. Co., Dunlop International (Philippines), Inc., Essilor Mfg. Phils., Inc., Hausland Development Corporation, San Miguel Foods, Inc., at Jascana OPC upang himukin silang suportahan ang pagsasakatuparan ng nasabing proyekto. ■